

ISANG HIMIG, ISANG BANDILA

Ang Watawat at Pambansang Awit sa Agos ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*

Michael Charleston “Xiao” B. Chua

Pamantasang De La Salle Maynila

Tulad nang palagian nang binabanggit ng marami, para kay Benedict Anderson, ang *nasyon* ay isang hinirayang (imagined) pulitikal na pamayanan, at sa kaso ng Pilipinas, ay kinatha ng mga Propagandistang nag-aral sa mga Paaralang Español at nagsasalita ng wika nito tulad nina Rizal at mga kasama (Anderson 2003, 5-6, 26-29). Kung susundin ito, kailangan din ng mga sagisag na may saysay sa lahat ng bahagi ng hinirayang pamayanan upang lalong mapagtibay ang bansa. Ang ideyang ito ay pinapalalim ng teorya ni Krzysztof Gawlikowski. Ayon sa kanya, ang mga nasyon ay umiiral, subalit ang batayan nito ay mitolohiya—ito ay isang “Mitolohikal na Nilalang.” Si Gawlikowski ay isang Polako, at isa sa kanyang mga tinalakay ay ang pagkakaisa ng mga mamamayan ng Poland bilang nasyon batay sa mga simbolo at ritwal—ang kanilang mga hari at bayani; mga nasyunal na ilog at lungsod; ang nasyunal na wika, literatura, at mga manunulat bilang mga pinunong espiritwal ng nasyon; at ang nasyunal na Katolisismo na nakasentro sa Birhen ng Jasna Gora bilang “Reyna ng Poland” (Gawlikowski 1983, 30-31).

Samakatuwid, isang ritwal na masasabing nagbubuklod sa ating bansa ay ang *flag ceremony*, na nagaganap araw-araw sa mga paaralan, at bawat Lunes ng umaga sa lahat ng mga tanggapan ng pamahalaan sa buong bansa. Isang himig ang inaawit, isang bandila ang tinataas, nadarama natin na bahagi tayo ng isang pamayanan na mayroong pinagbuklod na karanasan sa kabila ng iba’t ibang wika at kultura. At tulad sa sinasabi ni Gawlikowski na ang batayan ng ritwal ng bansa ay ang sariling kalinangan, tigib sa kasaysayan at simbolismo ng mga Pilipino ang ating watawat at pambansang awit.

Dahil sa popular na imahe sa dating limang piso, sa mga pelikula, patalastas, MTV at dahil sa ating pag-aaral ng kasaysayan sa paaralan, tila mayroon din tayong kolektibong alaala ng pinakaunang *flag ceremony* sa kasaysayan ng bansa kung saan itinaas ang bandila sa saliw ng isang himig: 12 Hunyo 1898. Dahil sa pagtatagumpay ng Himagsikan laban sa mga Español sa maraming mga bayan sa buong bansa, kumilos agad si Hen. Emilio Aguinaldo at ipinroklama niya ang Kasarinlan ng Pilipinas sa gitnang bintana ng kanyang bahay sa Kawit, Cavite sa oras na 4:02 NH (Medina 1996, 795), habang opisyal na iwinagayway ang bandila ng Pilipinas at tinugtog ng Banda San Francisco de Malabon ang *Marcha Filipina Magdalo / Marcha Nacional Filipina* na komposisyon ni Julian Felipe. Dito rin binasa ang *Acta de la Proclamacion de Independencia del Pueblo Filipino* na isinulat ni Ambrosio Rianzares-Bautista.

Ngunit ang kasaysayan at kahulugan ng himig at bandilang nagbubuklod sa atin ay hindi nagtatapos sa 12 Hunyo 1898. Tulad ng bayang Pilipinas, may ugat ang mga ito sa ating sinaunang kalinangan na nagpatuloy sa kabila ng pag-aangkin sa dayuhang impluwensya, at sumabay sa agos ng kasaysayan, sa pagdating ng mga dayuhan, sa pagtatatag ng sarili nating estado, at paghahanap natin sa ating pagkakakilanlan bilang isang bansa.

* Para sa ika-4 na Serye ng Lektura Para sa Araling Bulacan na may temang “Ang Watawat at Pambansang Awit: Alaala ng Tagumpay ng Bayan” noong umaga ng 28 Mayo 2010 (Araw ng Watawat), Pambansang Dambana ni Marcelo H. del Pilar, Cupang, San Nicolas, Bulakan, Bulacan.

I. ISANG BANDILA

Ayon kay Ian Christopher Alfonso ng Bahay Saliksikan ng Bulakan, kaiba sa paniwalang ang bandilang Pilipino ay maiiugat lamang sa Himagsikan ng 1896, mayroon na tayong konsepto ng watawat bago pa man dumating ang mga mananakop na Español na nakapaloob sa mga lumang diksyunaryo at makikita sa mga lumang larawan ng mga *caracoa* (Alfonso 2010), at may dokumentadong bandila ang Himagsikan ni Diego Silang sa Ilocos noong 1762 at ang Motín de Cavite noong 1872 (Rodriguez 1993, 26-28; Zaide at Lugos 1997, 6-10).

Sa mga pambansang dambana, mga monumento, at maraming lugar sa Pilipinas, mayroong mga katuwang ang pambansang watawat ng Pilipinas na iba pang mga bandila na popular na tinatawag na “Evolution of the Philippine Flag.” Subalit tila ito ay may kamalian. Ang sampung bandila na pinagsama-sama at inilabas bilang isang serye ng *commemorative postage stamp* sa nasabing pangalan noong 12 Hunyo 1972 ay sa katunayan, hindi nagpapakita nang pag-inog ng bandila sa kasalukuyang hitsura. Ayon sa isang panayam sa *Magandang Gabi Bayan* sa panahon ng Sentenaryo noong 1998, binanggit ni Ambeth Ocampo na ang mga ito ay “hindi bandera ng isang bansa,” kundi “mga bandera ng Rebolusyong Pilipino.” Sa nasabing programa sinabi rin ni Dr. Augusto de Viana na noon ay nasa Pambansang Suriang Pangkasaysayan (ngayo’y National Historical Commission of the Philippines), ang mga bandilang ito “*represent the Katipunan*” (Valentin 1998). Ang mga bandila ay nagpapakita ng iba’t ibang watawat ng mga balanghay ng Katipunan at sa katunayan, marami pa ang hindi naisama.

Marami sa mga bandilang ito na lumaganap noong Himagsikang 1896-1898 ay may tatlong letrang “K” para sa pangalan nang samahang mapanghimagsik, “Kataastaasang, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan” na nasa telang pula. Isa na rito ang KKK na nakaayos bilang tatsulok, isang simbolo ng Katipunan. Nariyan din ang personal na bandila ni Andres Bonifacio, ang Pangulo ng Haring Bayang Katagalugan, na may araw na walang partikular na bilang ng sinag na may KKK sa ibaba nito na kanyang ginamit sa mga unang sigaw ng himagsikan sa Balintawak at Pinaglaban noong Agosto 1898. Nariyan din ang itim na bandilang ginamit ni Hen. Mariano Llanera sa Labanan sa San Isidro, Nueva Ecija na letrang K na may bungo, kaya nakilala sa tawag na “Bungo ni Llanera.” Ang pulang bandila ni Hen. Pio del Pilar, na kilala bilang isa sa mga nanguna sa pagpatay sa magkapatid na Bonifacio noong 10 Mayo 1897, na may puting tatsulok na nakaayos tulad ng kasalukuyang bandila, kung saan nakapaloob ang bukung liwayway ng araw na may walong sinag sa isang bundok at napapalibutan ng tatlong letrang K na tinawag na “Bandila ng Matagumpay,” at ginamit noong 11 Hulyo 1895. At ang pula, asul at itim na bandila ni Hen. Gregorio del Pilar na ibinatay niya sa bandila ng mga mapaghimagsik na Cubano na kaagapay nila sa paglaban sa kolonyalismo.

May mga bandila rin na napabilang na ayon sa eksperto sa bandila na si Emmanuel Baja ay walang konkretong ebidensyang pangkasaysayan. Ito ang bandilang may disenyong araw, may walong sinag at may K sa baybaying Tagalog; at ang bandilang may disenyong araw, may walong sinag na may mukha (mythological sun). Ayon sa historyador mula sa Polytechnic University of the Philippines na si Samuel Fernandez, sa pagsasama ng araw na walong sinag ni Aguinaldo at baybaying K ni Bonifacio, ang mga bandilang ito ay “*bogus mestizo flags.*” (Valentin 1998). Napagkakamalian ang huling nabanggit na disenyo bilang ang bandilang

ibinaba matapos ang Kasunduan sa Biak-na-bato na iginuhit ni Hen. Artemio Ricarte (Villanueva, Santiago at Prado 1988, w. ph.), bagama't ang bandilang nasa dibuho ay iba ang disenyo ng sinag at walang partikular na bilang ito. Sa aking obserbasyon, may bagong *bogus mestizo flag* na dulot din ng kalituhan ukol sa bandilang ibinaba sa Biak-na-bato at ng isang pangyayari sa ating kapanahong kasaysayan. Sa isang seryosong websayt sa Kasaysayan ng Pilipinas inilabas bilang bandila ng Magdalo sa Cavite ang araw na walang partikular na bilang ng sinag ni Bonifacio na may baybayin na K sa loob nito. Sa katotohanan, ito ay bandila ng pangkat ng mga sundalo na pinamagatang "Bagong Katipunan" na nag-alsa sa Oakwood noong 2003, na dahil sa kanilang bandila ay tinawag na may kamalian ng media na "Magdalo." Ang pagkakamaling ito ay kabilang na ngayon sa mga bakal na representasyon ng mga bandila ng Katipunan sa mga bakod ng monumento sa Balintawak Clover Leaf sa Lungsod Quezon.

Ang batayang disenyo ng pambansang watawat ng Pilipinas ay dinisenyo ng *Junta Patriótica* sa Hongkong (Medina 1996, 793), at sa pakiusap ni Hen. Aguinaldo, tinahi ito sa loob lamang ng limang araw sa 535 Morrison Hill Road, Happy Valley, Hongkong nina Donya Marcela Marino Agoncillo, kabiyak ng unang diplomat na Pilipino na si Felipe Agoncillo; si Delfina Herbosa-Rizal de Natividad, pamangkin ni Gat Dr. José Rizal; at ni Lorenza Marino Agoncillo, ang pitong taong gulang na panganay ni Marcela na marunong nang manahi. Dala na ito ng heneral noong 17 Mayo 1898 sa kanyang pag-uwi patungong Pilipinas lulan ng barkong *McCulloch* (Manalo 1998, 45-51).

Kaiba sa popular na pananaw na ang pambansang watawat ay unang iwinagayway noong 12 Hunyo 1898, ito ay unang iwinagayway sa tagumpay ni Hen. Aguinaldo sa Labanan sa Alapan, Imus, Cavite noong 28 Mayo 1898, na ngayon ay ipinagdiriwang na bilang *Araw ng Watawat* (Ocampo 1998, 277). Ayon mismo sa sariling sanaysay ng heneral:

The combat lasted from ten in the morning until three in the afternoon, and through lack of ammunition the Spaniards surrendered with all their arms to the Filipino revolutionists, who entered Cavite with the prisoners. I seized upon this glorious occasion to bring out and unfurl the national flag, which was saluted by an immense multitude with acclamations of delirious joy and great hurrahs for Philippine independence and for the generosity of the United States, the act being witnessed by various officials and marines of the American squadron, who demonstrated clearly their sympathy with the cause of the Filipinos by taking part in their natural jubilee (Perdon 2008, 39).

Ano naman ang kahulugan ng bandila? Ayon sa katitikan ng pagpapahayag ng kasarinlan ng Pilipinas na isinulat ni Judge Advocate General Ambrosio Rianzares Bautista at kanyang binasa noong 12 Hunyo 1898:

Ang [tatsulok] na puti ay katulad ng sagisag na ginamit ng Katipunan, na sa pamamagitan ng pagsasanduguan ay ibinunsod ang bayan sa paghihimagsik; ang tatlong bituin ay nagpapakilala sa tatlong malalaking pulo ng ating bansa, Luzon, Mindanaw at Panay na siyang unang kinaganapan ng pagbabangon ng ating bayan; ang araw ay siyang nagbabadha ng malalaking hakbang na ginagawa ng mga anak ng baying ito sa landas ng pag-unlad at kabihasan; ang kanyang

walong sinag ay kasingkahulugan ng walong lalawigan na nagpasimuno karaka sa pakikidigma; Maynila, Cavite, Bulakan, Pampanga, Nueva Eksija, Bataan, Laguna at Batangas. Ang mga kulay ng bughaw, pula at puti ay nagpapagunita sa mga kulay ng watawat ng Norte Amerika, bilang pagkilala natin ng malaking utang na loob sa ipinamalas niyang pagkukop na walang pag-iimbot sa atin sa simula at hanggang ngayon (Bautista 1898, 52).

Isa sa mga bayani ng ating bansa na si Mariano Ponce ay nagpadala ng isang *scarf pin* na may disenyo ng bandila sa kaibigan niyang si Y. Fukushima noong 1899 kalakip ang ganitong paliwanag sa orihinal na Ingles:

The blue, color of the sky, means our hope in a future prosperity, through progress; the red means blood with which we bought our independence; the white represents peace which we wish for ours and foreign countries. The sun represents the progress, and sometimes means that the Philippine nation belongs to the Oriental family, like Japan, Korea, etc., who bear also the sun in their flags. Three stars are the three great groups of islands composing the Archipelago, the Luzon group, the Bisayas group, and the Mindanao group (Ocampo 1998, 277-278).

Sa lahat ng bandila sa daigdig, tanging ang pambansang watawat ng Pilipinas ang may paraan upang matukoy kung ito ay nasa digmaan, kung iwinagayway ito at nasa taas ang kulay pula.

Ito ang mga sinasabi ni Hen. Aguinaldo, Ambrosio Rianzares Bautista at Mariano Ponce na mga nagtatag ating nasyon ukol sa mga sagisag ng watawat. Subalit ayon nga kay Ambeth Ocampo, “Aguinaldo says something historians and textbook writers say something else.” (Ocampo 1998, 279) Maliban sa kalituhan sa kaibahan ng mga kahulugan ng mga kulay, may pagkalito rin sa mga lalawigan na kabilang sa sinag ng araw. Ayon sa katitikan ng pagpapahayag ng kasarinlan, ang mga sinag ay kumakatawan sa walong lalawigan na unang naghimagsik noong 1896 kabilang ang Bataan. Ayon naman sa isa pang pahayag ni Hen. Aguinaldo, hindi naman kasama ang Bataan, kasama naman ang Morong (Manalo 1998, 48). Subalit sa orihinal na deklarasyon ni Gobernador Heneral Ramon Blanco na nagpapataw ng Batas Militar sa walong lalawigan noong 30 Agosto 1896, at sa mismong disenyo ng araw na nakalagay sa kisame ng bahay ni Hen. Aguinaldo na may inskripsyon na “Lei Marcial,” wala ang Bataan, ang Tarlac naman ang naroroon. Ayon sa mikro-historyador na si Lino Lenon Dizon, maaaring nilaglag ni Aguinaldo ang Tarlac sa katitikan ng proklamasyon dahil si Hen. Francisco Makabulos y Soliman ng Tarlac ay hindi sumunod sa Kasunduan sa Biak-na-bato at ipinagpatuloy ang himagsikan, at dahil hindi agad nakakilos ang Tarlac sa pagpapatuloy ng digmaan sa muling pagbabalik ni Hen. Aguinaldo mula sa Hongkong (Dizon 1997, 102-105). Maaari rin na sa panahon na mahirap magtago ng mga dokumento, nakaligtaan ni Hen. Aguinaldo ang detalye ng walong lalawigan. Anupaman, kanya itong naitama dahil sa disenyo ng araw na may walong sinag na nakalagay sa kisame ng kanyang mansyon sa Kawit, nakasulat na ang Tarlac bilang isa saw along sinag ng araw.

Kung sa lente ng sariling pananaw o sa kultural / antropolohikal na pagbasa titingnan ang bandila, malalim ang ugat ng mga sagisag nito sa ating sinaunang kalinangan. Ayon sa historyador na si Zeus A. Salazar, ang tatsulok ng Katipunan na pinagbatayan ng tatsulok ng

watawat ay ang sinaunang anting-anting na disenyong tatsulok (Bundok Boord na tahanan ng Bathala) na may mata (Salazar 1999, 29, 34) na ginamit mismo ng Katipunan upang ingatan ang kanilang mabuting kaluluwa at malinis na kalooban. Matatandaan na ang tunay na kalayaan para sa Katipunan ay kaginhawaan, at ang batis ng kaginhawaan ay ang mabuting kaluluwa at malinis na kalooban. Ang araw ay simbolo rin para sa Araw-Ibon at kay Bathala-Araw hindi lamang sa sinaunang kalinangang Pilipino kung hindi sa buong kultura ng mga Austronesyano kung saan tayo kabilang (Salazar 2006, 114-125). Paalala na tayong nasa Sangkapuluang Pilipinas, sa kabila ng iba't ibang wika at kultura natin, ay may batayan ng pagkakaisa sa ating isang pamanang Austronesyano. Ang patunay na ang tatsulok bilang anting-anting at ang araw bilang Bathala ay nanatili sa bayan ay nang banggitin mismo sa akin ito ni Romulo Demejes, ang supremo ng Filipino Spiritual Catholic Church, sa isa sa aking mga pakikipag-usap sa kanya sa paanan ng Bundok Banahaw sa Sta. Lucia, Dolores, Quezon.

Ang lahat ng pakahulugan sa araw sa pambansang watawat ay kaiba sa sinabi sa akin ng isang propesor nang minsan ay pumunta kami sa Simbahan ng Barasoain, Malolos, Bulacan ang tahanan ng Unang Republika. Ayon sa kanya, ang araw ay ibinatay ni Hen. Aguinaldo sa Kanluraning disenyo ng araw na makikita sa mga bandila ng America Latin, halimbawa sa Argentina.

Noong 1907, sa parada ng tagumpay ng Partido Nasyonalista, naglabas sila ng iba't ibang bandila ng bansa at ng Katipunan. Ikinayamot ito ng mga kolonisador na Amerikano kaya sinasabing ipinatupad ng Philippine Commission ang Batas 1696, mas kilala sa tawag na *Flag Law*, kung saan ipinagbawal ang pampublikong pagsasabit ng pambansang watawat (Manalo 1998, 46-47). Ang pinakasikat na nakulong dahil sa paglabag sa batas na ito ay ang pinakasikat na mandudula at artista noong mga panahon na iyon na si Aurelio Tolentino na nagpalabas ng mga disenyo ng bandila sa kanyang dulang *Kahapon Ngayon at Bukas* (Riggs 1905, 286-287). Nagwakas ito noong 30 Oktubre 1919 nang muling pinahintulutan ni Gobernador Heneral Francis Burton Harrison ang pagsasabit ng bandila. Mula noon, ang petsang ito ang unang ipinagdiwang na *Araw ng Watawat* (Ocampo 1998, 277).

Ang unang disenyo ng bandila ni Aguinaldo ay may tinatawag na *mythological sun*, o araw na may mukha. Ngunit iba-ibang kulay at disenyo ang lumaganap kaya ipinatupad ni Pang. Manuel Luis Quezon ang istandardisasyon ng sukat, kulay at disenyo ng pambansang watawat sa pamamagitan ng Utos Pampanguluhan 23 noong 25 Marso 1936. Tinanggal ang mukha sa araw at itinakda ang *navy blue* bilang kulay ng asul. Muntik nang tuluyang mapalitan ang kulay asul na ito nang *azul celeste* (sky blue) nang ilabas ni Pang. Ferdinand E. Marcos ang Utos Pampanguluhan 1010 noong 25 Pebrero 1985 kung hindi lamang natural na namatay ang isyu (Ocampo 1986, 62).

Ayon sa historyador na si Dr. Luis Camara Dery, *navy blue* ito dahil ito ang kulay asul ng bandila ng Estados Unidos na pinagbatayan ng mga kulay ng pambansang watawat, at nagkaroon nang maraming bersyon ng asul dahil nang inutos ni Hen. Aguinaldo na ipakopya ito, kung ano lamang ang mga telang makuha, iyon ang itinatahi, "Rebolusyon, magulo ang panahon." (Valentin 1998)

Marami na ring nagtangka na lagyan ng isa pang sinag ng araw para sa mga Moro sa Mindanao na hindi lamang nauna sa Himagsikang 1896, hindi pa sila nagpasakop at patuloy na lumaban sa mga Español simula Dantaong 1500: Noong 1969 nina Alunan G[a]lang at Emmanuel Osorio, historyador at peryodista kapwa; ni Komisyonado Cirilo A. Rigos sa kanyang borador ng Resolusyon 97 (Ocampo 1986, 64, 67); at kamakailan lamang, si Sen. Richard Gordon sa isang panukalang batas. Ang ideya ay palagian nang hindi sinasang-ayunan ng Philippine Historical Association. Ayon kay Teodoro Agoncillo noong 25 Hunyo 1973:

For us to add or subtract one or more rays from the sun of our flag is to twist the facts of the history of the Revolution of 1896, since the flag was made in the crucible of the Revolution. ...To make this suggestion and to second it is to agree to the deliberate twisting and prevarication of our history. This is no less than dishonesty, and anybody who, willingly and deliberately commits a dishonest act, whether intellectual or otherwise, should be condemned (Ocampo 1986, 67, 68)

Sa mga nagsasabing walang representasyon ang mga Moro at Lumad sa ating bandila, ipinaalala sa kanila ni Ambeth Ocampo na muling balikan ang mga talumpati ni Hen. Aguinaldo bilang Pangulo ng Unang Republika, na nagsabi ukol sa mga sinag ng araw sa watawat:

...stirred up Filipinos and spread the light over their world piercing the clouds that enshrouded it; it is now the light which brightens every spot in the Philippine islands, and under its influence the Itas, Igorots, Manguians and Moros, all of whom I believe were made in the image of God, and whom I recognize as our brethren, now come down from the mountains to join with us (Ocampo 1998, 278).

Ayon sa aking kaibigang Moro, hindi nila kailangan ng isang sinag sa araw ng ating pambansang watawat. Ang kanilang kailangan ay tamang atensyon na pangmatagalang malutas ang problema sa Mindanao. Mayroon ding nagsabi sa akin na hindi nila kailangan ang ika-siyam na sinag, ang gusto nila ay sariling bandila!

Anupaman, noong 12 Pebrero 1998, nilagdaan ni Pang. Fidel V. Ramos ang R.A. 8491 o ang *Flag and Heraldic Code of the Philippines* na nagtatakda ng kaukulang disenyo at paggalang sa bandila ng Pilipinas. Isa sa mga kautusan nito ang pagbabawal na isuot ang kulay at disenyo ng pambansang watawat (National Historical Institute 2008, 21). Subalit kamakailan lamang, lumabas ang mga *jacket* mula sa Adidas at iba pang kasuotan na tahasang lumalabag sa batas. “Pinakamagandang” paglabag ang mga serye ng larawan ni Joey Mead sa *Rogue* noong Hunyo 1998 kung saan nakapinta sa kanyang hubad na katawan na tila isang damit ang mga kulay ng pambansang watawat bilang pagpapakita ng kanyang nasyunalismo, pinakamatindi dito ang disenyo ng watawat bilang pinta na tila isang *underwear* (Guevarra 2008, 56-67).

Sa lahat ng alingasngas na ito, hindi man lamang itinatanong ng marami, nasaan ang orihinal na pambansang watawat na tinahi ni Gng. Agoncillo at iwinagayway ni Hen. Aguinaldo noong 1898? Lingid sa kaalaman ng marami, ito ay isang kontrobersyal na isyung pangkasaysayan.

Sa ulat ng *Magandang Gabi Bayan* sa buwan ng Sentenaryo, Hunyo 1998 ko unang nalaman ang tungkol sa isyu (Valentin 1998). Iniulat nito na sa muling pagsasadula ng Labanan sa Alapan noong pagdiriwang ng ika-100 na anibersaryo nito noong 28 Mayo 1998, nagreklamo sa publiko ang abogado ng Emilio Aguinaldo Foundation na si Atty. Alfredo Aquino kung bakit ang bandilang pinagtibay ni Pang. Quezon ang ginamit at hindi ang disenyo ng sinasabi niyang unang watawat ng Pilipinas na ngayon ay nasa kamay ng mga kaanak ni Hen. Aguinaldo, ang mga Suntay, at makikita sa Emilio Aguinaldo Museum sa Lungsod ng Baguio.

Ang sinasabing unang bandila ay pinananatiling buo na lamang ng *net* dahil sa kalumaan nito. May mukha ang araw nito at mayroon pang palamuting laurel na nakapatong sa mga kulay bughaw at pula nito na may nakasulat na “*Libertad Justicia y Ygualdad*” sa isang mukha nito, at sa kabila naman ay “*Fuerzas Expedicionarias del Norte de Luzon.*”

Sa isang panayam para sa nabanggit na programa, sinuportahan ng isang naging sekretarya ni Hen. Aguinaldo na noong 1998 ay 82 taong gulang na, si Felisa Diokno, ang kwento ng pamilya. Nasaksihan niya kung gaano kamahal ng heneral ang watawat na lagi niyang itinatanghal sa *flagpole* at inilalabas, lalo na nang iproklama ni Pang. Diosdado Macapagal ang 12 Hunyo bilang Araw ng Kasarinlan mula 4 Hulyo noong 1962.

Ngunit may mga hindi kumbinsido na ito nga ang orihinal na pambansang watawat. Ayon kay Ted Atienza ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan na hindi maaaring ang unang watawat ay may palamuting laurel. Ayon sa mga tala ng buhay na isinulat mismo ni Gng. Agoncillo na ang kanyang tinahing watawat ay yari seda, ngunit ang tela ng watawat sa Baguio ay gawa sa bulak. Sinasabi rin na hindi maaaring tahiin lamang sa loob ng limang araw ang bandila sa Baguio lalo’t gumamit pa ng mga ginintuang sinulid. At ayon sa mga talang pangkasaysayan, nawala ang orihinal na bandila habang umaatras pahilaga sa Tayug, Pangasinan.

Kapwa ang mga kaanak na Suntay ni Hen. Aguinaldo at si Ambeth Ocampo ay nagmungkahi na ang disenyo ng laurel ay maaaring idinagdag na lamang ng heneral sa panahon ng Unang Republika.

Sinuri din ang bandila sa Baguio ni Dekana Lydia Arribas ng UP College of Home Economics at kanyang naobserbahan na ang mga tuwid na hibla ng sinulid na lamang ang nalalabi at nawawala na ang pababa. Maaaring ang mga natunaw na sinulid ay gawa sa seda dahil mas magtatagal ang gawa sa bulak kaya maaaring kapwa seda at bulak ang tela na ginamit sa pagtahi ng watawat. Gumawa rin siya ng eksaktong replika ng bandila at sinabing kung orihinal niya ang bandila, mas madali niya itong matatahi. Ayon din kay Gng. Diokno, bagama’t nawala ni Hen. Aguinaldo ang bandila, ito ay ibinalik ng isang beterano at mula noon lalong ayaw raw niyang pabayaang ang bandila.

Ayon kay Ambeth Ocampo, “*We take Aguinaldo’s word for it.*” Kung hindi man ito ang orihinal na bandila sabi niya, isa ito sa mga unang bandila. At sa isang panayam sa bunsong anak ni Gng. Agoncillo na si Marcela de Agoncillo na ang orihinal na bandila na tinahi ng kanyang ina ay ang bandilang nasa kamay ng anak ni Hen. Aguinaldo na si Gng. Cristina Aguinaldo Suntay.

Makikita rin sa orihinal na tela ng bandila sa Baguio na ito ay *navy blue*.

Kung ito nga ang unang bandila o isa sa pinakunang kopya ng unang bandila, samakatuwid ang disenyo nito ang unang disenyo ng pambansang watawat. Ayon sa Tagapangulo ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan noon na si Dr. Samuel K. Tan, inirekomenda niya sa National Centennial Commission na gumamit ng replika ng sinasabing unang pambansang watawat para sa muling pagsasadula ng Labanan sa Alapan ngunit hindi na raw ito isinakatuparan dahil kulang na sa preparasyon. Hiniling ng mga kaanak ni Hen. Aguinaldo na ito na sana ang itaas sa mismong pagdiriwang ng Sentenaryo. Ayon kay Prop. Fernandez, kung hindi ito magaganap, parang nagsagawa tayo ng *birthday party* na wala naman ang may kaarawan.

Noong umaga ng 12 Hunyo 1998, sa Balkonahe ng Kasarinlan sa bahay ni Hen. Aguinaldo sa Kawit, Cavite, ang iwinagayway na pambansang watawat ni Pang. Fidel V. Ramos ay ang bandila ng 1936.

II. ISANG HIMIG

Ang maaaring ituring na unang pambansang awit ay ang kanta para sa Katipunan (Haring Bayang Katagalugan) na ipinacomisyon ni Andres Bonifacio kay Julio Nakpil at nayari sa Balara noong Nobyembre 1896. Ang mga titik ng *Marangal na Dalit ng Katagalugan* ay nagpapaalala sa atin na ang Katipunan ay hindi lamang organisasyon ng mga mararahas at sugod nang sugod at bobong masa kundi isang proyekto ng pagbubuo ng bansa batay sa dangal, puri, kabanalan at kahusayan:

Mabuhay yaong Kalayaan
At Pasulungin ang puri't kabanalan
Kastila'y mailing ng Katagalugan
At ngayo'y ipagbunyi ang kahusayan (Ocampo 1989, 40).

Kung sakaling iba ang naging takbo ng kasaysayan at si Bonifacio ay nanatiling Pangulo ng Haring Bayang Katagalugan noong 1897, iba sana ang himig na ating inaawit. Pinanghihinayangan naman ni Edru Abraham ng Kontemporaryong Gamelan Pilipino na nabaon na sa limot ng marami ang dalit. Dapat raw ito ay pinapahalagahan din na tulad ng pambansang awit, at sa angkop na mga okasyon ay awitin (Dacong 1998).

Isinilang ang kasalukuyan nating pambansang awit sa gitna nang pagtatagumpay ng ating Himagsikan laban sa mga Español. Sa kanyang pagbabalik sa Pilipinas, mayroon nang dalang piyesa mula sa isang Pilipino sa Hongkong si Hen. Aguinaldo subalit nais niya nang isang pang piyesang mas seryoso at “majestic” bilang pambansang martsa (Kilates 1991, 242). Inatasan niya ang kompositor na si Julian Felipe na gawan siya ng martsa noong 5 Hunyo 1898 nang magtagpo sila sa bahay ni Maximo Inocencio sa Calle Arsenal sa Cavite Puerto (Manalo 1998, 52).

Matapos ang anim na araw, 11 Hunyo 1898, nagdala na nang borador si Felipe sa bahay ni Hen. Aguinaldo. Nagpahinga muna sa pulong noon sina Hen. Mariano Trias, Kalihim Pandigma Hen. Baldomero Aguinaldo at iba pa upang pakinggan ang komposisyon nang tugtugin ito ni Felipe sa piano. Pinaulit nila ito nang ilang beses hanggang makumbinsing ito na nga ang angkop na

martsa para sa Proklamasyon ng Kasarinlan kinabukasan na pinangalanang nila Marcha Filipino Magdalo, na naging Marcha Nacional Filipina.

Tinuro niya ang piyesa sa Banda San Francisco de Malabon (ngayon ay Banda Matanda) at pinatugtog matapos basahin ang katitikan ng pagpapahayag ng kasarinlan habang iwinawagayway ang watawat.

May iba namang kwento si Dr. Alejandro Roces: Isang linggo bago raw ang Proklamasyon ng Kasarinlan, ipinatawag ni Hen. Aguinaldo sa Kawit ang organista ng kabilang parokya upang magsulat ng musika para sa isang bagong Marcha Real.

Ngunit hindi sumang-ayon si Julian Felipe, “Ngunit mayroon na tayong *Marcha Real*.”

Sagot ng heneral, “Hindi, wala tayo noon; ang mayroon tayo ay yaong sa Español. Mula ngayon, nararapat lamang na patugtugin na natin ang sariling atin.”

At ayon sa kwento ni Dr. Roces, sadya daw na inareglo ni Felipe ang unang bahagi ng martsa na kahalintulad ng beat at tempo ng *Marcha Real* upang manatili ang pagpapatuloy na historikal. Ang gitnang bahagi naman daw ay sumunod sa pattern ng Triumphal March ni Giuseppe Verdi sa Aida, habang ang huling bahagi naman daw ay batay si “pinakamagandang” pambansang awit sa daigdig, ang *Marseillaise* ng Pransya (Roces 1993-1996, 4-5).

Ayon nga kay Ambeth Ocampo, maraming nagsasabi na ang ipinasulat ni Bonifacio kay Nakpil ay tila hindi tumutugma ang mga titik sa musika bagama’t superiyor ang musika nito kaysa sa komposisyon ni Julian Felipe na maaring hatiin sa tatlong nag-uulit na bahagi na madaling marinig kung saan hiniram: ang unang bahagi nga ay sa Marcha Real, ang pangalawa ay sa isang labanan sa Moro-Moro, habang ang pangatlo ay halatang-halata, nagmula sa *Marseillaise* (Ocampo 1989, 41).

Sa pag-amin mismo ni Felipe, “kusang nagpasok ng mga himig na gumugunita sa Marcha Real ng Espanya upang mapangalagaan ang alaala ng lumang kalunsuran.” (Manalo 1998, 52)

Ngunit para kay Prop. Felipe de Leon, Jr.:

Filipinos have a curious habit of thinking that anything good and beautiful must be foreign, to the extent that our genuine achievements as a people are overlooked, belittled as copies, imitations or derivations from foreign ideas. This is true of our ancient script, which many of our scholars think was derived from (rather than just influenced by) Sanskrit, no matter how farfetched. Our bahay na bato is thought of as Spanish even if it's actually a development of the bahay kubo, with a design more suited to a tropical climate than any specimen of Spanish house. We hail National hero Jose Rizal as the Pride of the Malay Race rather than of the Filipino people, even if anthropologically speaking, there is no such thing as a Malay race.

This is also the case with our National Anthem, which a noted Hispanophile who became a National Artist for Literature by Presidential Decree, seriously believe is derived from the "Le Marsellaise of France," Verdi's "Triumphal March" from the opera Aida, and the "Marcha Real" of Spain. Similarly, many highly educated Filipinos still believe that "Philippines My Philippines," translated in Filipino as "Pilipinas Kong Mahal" is an imitation of "Maryland My Maryland." Both songs were actually inspired more by local traditions, such as religious processional music and the kundiman, than by any foreign model (de Leon w.tn.).

Anupaman, sinasabing tinanggihan ni Felipe ang alok ng isang Español na bilhin ang eksklusibong karapatan sa paglalathala ng pambansang awit, upang tunay na maging pag-aari ng bayan ang kanyang musika. Noong 4 Disyembre 1943, binigyan ng pamahalaan si Felipe ng Php 4,000.00 bilang pabuya sa kanyang komposisyon (Manalo 1998, 53). Sinasabing dito rin siya pinakiusapan na muling aregluhin ang napakataas at napakabilis na martsa tungo sa kasalukuyang *tempo* ng awit (Dacong 1998).

Isang taon matapos na likhain ni Felipe ang kanyang martsa, mula sa Pangasinan, gumawa si José Velásquez Palma, nakababatang kapatid ni Rafael Palma isang makata na mahilig maglagay ng mga titik sa mga sikat na tugtugin kasama si Fernando Guerrero, ng sarili niyang bersyon na inilabas sa *La Independencia*, 3 Setyembre 1899. Lumaganap ang mga titik kahit magsara ang diyaryo dulot ng pagtatagumpay ng mga Amerikano.

Kahit kolonya tayo ng Amerika, sinasabing noong 1918, ito ay nagwagi ng pangalawang pinakamagandang pambansang awit, pinakamaganda ang sa Pransya, sa isang patimpalak na ginanap sa Boston, Estados Unidos (Alcántara w. tn., 1). Kailangan pa nang kaukulang pananaliksik ukol dito. Noong Dekada 1920, nagkaroon ng saling Ingles ang mga titik na ginawa nina Camilo Osias at Mary A. L. Lane na ginawang opisyal ng Kongreso noong 1938.

Noong 22 Setyembre 1943, naglabas si Jorge Vargas, ang Tagapangulo ng Philippine Executive Committee sa ilalim ng mga Hapones, ng EO 211 na tinatawagan ang Batasang Pambansa na ihalal ang magiging pangulo ng Pilipinas at gawing opisyal na mga sagisag ng bansa ang watawat ang pambansang awit ni Hen. Emilio Aguinaldo. Sa taong ding iyon, inatasan ni Pang. José P. Laurel ang Surian ng Wikang Pambansa upang magkaroon ng salin ng orihinal na Español sa Ingles at Filipino.

Nagkaroon ng salin sa Filipino noong 1948 sa porma ng “Diwang Bayan” na isinulat nina Ildefonso Santos at Julian Cruz Balmaceda na ginawang batayan ng opisyal na saling Filipino na sinimulang gawin ng Komite ng mga musikero, manunulat at pangkat tekniko sa direksyon Kagawaran ng Edukasyon noong 26 Mayo 1956. Noong 19 Disyembre 1963, ang kasalukuyang salin ng pambansang awit ay naging opisyal (Manalo 1998, 52). Mayroon ding salin sa ibang mga wika sa Pilipinas bagama’t hindi kinikilalang opisyal ng pamahalaan.

Sa lumipas na tatlong dekada, sa pag-aangkin ng “artistic license,” nagkaroon ng iba’t ibang bersyon ang pambansang awit. Na madalas tawaging *concert piece* na hindi tinutugtog sa simula ng programa. Nariyan ang pinagsabay na pambansang awit at ang komposisyon ni Ryan Cayabyab na “O Bayan Ko” na kinatha para sa isang *special* ng ABS-CBN para sa Sentenaryo

na pinamagatang “Isandaang Himig, Isandaang Tinig.” Habang inaawit ito ng mga pinakasikat na mang-aawit sa bansa, nakita nang kompositor na nag-iiyakan ang mga manonood (Dacong 1998).

Ang Kontemporaryong Gamelan Pilipino ng Unibersidad ng Pilipinas ay may sarili ring bersyon na nagpapahalaga sa mga kontribusyon ng mga Moro at katutubo sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga instrumento (Dacong 1998).

Maging ang UP Concert Chorus, ang opisyal na koro ng Unibersidad ng Pilipinas, nasa matagal na panahon ay nasa pagkumpas ni Prop. Rey Paguio, kung saan magkakaroon ng mabagal na simula matapos ay muling uulitin sa orihinal na *tempo*. Sa aking pagkakatanda, naging opisyal na bidyo pa ito ng pambansang awit na pinapalabas noong Dekada 1990 sa telebisyon. Sa areglong ito ayon kay Prop. Paguio, “dama ang sarap ng *anthem* at bigkas.” (Dacong 1998)

Ang pinuno ng Kadekada Band na si Pol Galang ay gumawa rin ng sariling bersyon na tinawag niyang “Lupang Sinira” na lumabas sa isa sa mga album para sa Sentenaryo na may ibang pamagat. Kontrobersyal ito dahil pinalitan niya ang areglo upang pagsamahin ang genre na “anthem” at “Pinoy Folk,” at iniba ang lahat ng salita upang ipakita na taliwas sa sinasabi ng kasalukuyang pambansang awit, hindi pa tayo tunay na malaya:

Bayang mahiwaga sa malayong silangan
Alab ng puso, sa dibdib mo’y apoy
Lupang sinira, bayan ng magigiting
Sa manlulupig hindi pagagapi

Sa bayan at lungsod
Nagkaisa makabayang mamamayan
May tilamsik ang tula at awit
Sa paglayang inaasam

Ang kulay ng watawat mo’y
Tagumpay na magniningning
Ang bituwin at araw niya’y
Hindi magdidilim

Laya ay langit kaluwalhati’t pagsinta
Buhay ay lupa sa piling mo
Aming ligayang makitang
Ang baya’y ‘di api
Ang mamatay ng dahil sa iyo (Dacong 1998)

Noong 12 Hunyo 1985, sa opisyal na pagdiriwang ng Araw ng Kasarinlan, ilang mang-aawit ang gumawa ng isang pagtatanghal ng pambansang awit na tila ginaya ang “We Are the World.” Naglakbay sa buong Pilipinas at nagsulat sa mga pahayagan ang pandaigdigang konduktor na si Redentor Romero upang kondenahin ang bersyon pop ng himno at tinawag itong pang-“night club” at ginawang “*bastardized with pop rock*.” Para sa kanya, pambababoy ito sa buong

Pilipinas dahil hindi dapat ginagalaw magpakailanman ang dalawang bagay na ating tulay sa ating mayamang nakaraan—ang watawat at ang pambansang awit (Dacong 1998). Karaniwan na ngayon lalo na sa mga pagsisimula ng mga laban ni Manny Pacquiao ang ganitong pag-awit ng pambansang awit.

Sa isa pang dokumentaryo ng *Magandang Gabi Bayan* na ipinalabas isang araw matapos ang Sentenaryo nasalamin ang iba't ibang pananaw ukol sa isyu. Ayon kay Prop. De Leon, Jr., na ang uso ay nawawala. Ayon kay Edru Abraham, depende sa layunin. Ayon naman kay Danny Javier ng APO Hiking Society, “*Como ba national anthem yan di na pwede gamitin in whichever way they want.*” (Dacong 1998)

Upang maiwasan ang anumang kalituhan na idudulot ng iba-ibang bersyon ng pambansang awit, ang huling salita sa bagay na ito ay ang tagapangalaga ng ating mga pambansang sagisag, ang Pambansang Suriang Pangkasaysayan (ngayong National Historical Commission of the Philippines), na siyang ahensyang may kapangyarihang magpatupad ng R.A. 8491. Sa seksyong 50 nito sinasaad na sinumang mag-iba ng areglo ng opisyal na pambansang awit taliwas sa ginawa ni Felipe ay pagbabayaran ng danyos na Php 5,000.00 hanggang Php 20,000.00 at isang taong pagkakakulong (National Historical Institute 2008, 71). Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon, ang halimbawa ng tamang pag-awit ng pambansang awit ay ang pag-awit ng Philippine Madrigal Singers (Dacong 1998).

Ang watawat at pambansang awit ay kailangang igalang at ipagpitagan sa pamamagitan nang tamang pagtatanghal ng mga ito. Sa pagkakaroon natin ng isang himig at isang bandila, napapaalalahanan tayo na dapat tayong magkaisa at magtulungan para sa kaginhawaan ng buong bayan sa harap ng mapanaklaw na globalisasyon at naipagdiriwang natin ang pamanang kabayanihan, kalinangan at kalayaan ng ating mga ama at ina.

27 Mayo 2010

Mga Sanggunian:

Alcántara, Teresita A. W.tn. “Mga Babasahin sa Español 20.” Lungsod Quezon: UP Kagawaran ng mga Wikang Europeo.

Alfonso, Ian Christopher. “Mula Bangkusay 1571 Hangang Republika 2010: Ang Watawat, Pambansang Awit at ang Batas Republika Blg. 8491” (Papel na binasa para sa ika-4 na Serye ng Lektura Para sa Araling Bulacan na may temang “Ang Watawat at Pambansang Awit: Alaala ng Tagumpay ng Bayan” noong umaga ng 28 Mayo 2010 (Araw ng Watawat), Pambansang Dambana ni Marcelo H. del Pilar, Cupang, San Nicolas, Bulakan, Bulacan).

Bautista, Ambrosio Rianzares. 1898, 12 Hunyo. “Katitikan ng Pagpapahayag ng Pagsasarili ng Bayang Filipino,” sa *June 12, 1898 and Other Related Documents*, 49-52. Maynila: Pambansang Suriang Pangkasaysayan, 1998.

Rodriguez, Eulogio B. 1993. "Our Flag—It's History," sa *Boy Scouts of the Philippines. Respecting Our Flag*. Maynila: Boy Scouts of the Philippines, 25-41.

Dacong, Cora S., manunulat. 1998, Hunyo 13. "Awit ng Bayan... Sigaw ng Kalayaan!" *Magandang Gabi Bayan*. Lungsod Quezon: ABS-CBN News and Current Affairs.

de Leon, Felipe Jr. M. W.tn. "Defining The Filipino Through The Arts: From Specialistic Innocence to Participatory Consciousness."

Dizon, Lino Lenon. 1997. "Tarlac and the Eight Rays of the Sun In The Philippine Flag," in *Tarlac And The Revolutionary Landscape*, 102-105. Tarlac: Center For Tarlaqueño Studies, Tarlac State University/Holy Cross College, 1997.

Gawlikowski, Krzysztof. 1983. "Nation: A Mythological Being," sa Wolfram Eberhard, Krzysztof Gawlikowski, Carl-Albrecht Seyschab, eds. *East Asian Civilisations - New Attempts at Understanding Traditions*, vol. 2, "Nation and Mythology", 10-37. Muenchen: Verlag Simon & Magiera.

Guevarra, Argee. 2008, Hunyo. "I ♥ RP," *Rogue*, 56-67

Kilates, Marne L. 1991. "The Song of a Nation: The Spirit of a People," sa *Filway's Philippine Almanac*, ed., Virgilio S. Almario, 242-245. Lungsod Quezon: Children's Communication Center at Filway Marketing, Inc.

Manalo, Ino. 1998. *Ang Tahanan ng Kasarinlan: Ang Bahay ni Emilio Aguinaldo*, trans., Marra PL. Lanot at José F. Lacaba. Maynila: Pambansang Suriang Pangkasaysayan.

Medina, Isagani R. 1996. "Si Emilio Aguinaldo Bilang Tao at Ama ng Kalayaan, Bandila at Awiting Pambansa," sa Isagani R. Medina, ed. *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik (Revolucion) nang 1896-97 sinulat ni Carlos Ronquillo y Valdez, 787-797*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Unibersidad ng Pilipinas.

National Historical Institute. 2008. *The Flag and Heraldic Code of the Philippines Illustrated*. Maynila: Pambansang Suriang Pangkasaysayan.

Ocampo, Ambeth R. 1986, 3 Agosto. "Redesigning the Philippine Flag," sa *Aguinaldo's Breakfast and More Looking Back Essays*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc., 1993.

_____. 1989, 27 Nobyembre. "The Other National Anthem," sa *Looking Back*, 40-41. Maynila: Anvil Publishing, Inc., 1990.

_____. 1998. "Flag Unified Filipino Nation," sa *The Centennial Countdown*. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.

Perdon, Renato. 2008. "Filipino Symbols of Identity," sa *Footnotes to Philippine History*, 33-51. Sydney / Maynila: The Manila Prints at Minor Prints.

Riggs, Arthur Stanley. 1905. *The Filipino Drama*. Maynila, Intramuros Administration, 1981.

Roces, Alejandro. 1993-1996. "Of Certain Facts ang Otherwise," sa *Historic Manila: Commemorative Lectures 1993-1996*, ed., Enrique L. Victoriano, 1-5. Maynila: Manila Historical Commission.

Salazar, Zeus A. 1999. "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan," *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, 8. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

_____. 2006. *Ang Pilipinong Banua / Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Valentin, Myra, manunulat. 1998, Hunyo 6. "Watawat ng Bayan," *Magandang Gabi Bayan*. Lungsod Quezon: ABS-CBN News and Current Affairs.

Villanueva, Rene, Damian Santiago at José Prado. 1988. *Bandilang Pilipino: Sagisag ng Kalayaan*. Lungsod ng Quezon: Adarna Book Services, Inc.

Zaide, Sonia Magbanua at Modesta Grey Lugos. 1997. *The Philippine National Flag and Anthem*. Lungsod Quezon: All-Nations Publishing Co., Inc.